

BAKUNA LABAN SA MMRV (TIGDAS, BIKI, RUBELLA at VARICELLA)

ANG KAILANGAN NINYONG MALAMAN

Maraming Pahayag na Impormasyon Tungkol sa Bakuna ay maaaring makuha sa Espanyol o iba pang mga wika. Tingnan ang www.immunize.org/vis.

1

Tigdas, Biki, Rubella at Varicella

Ang Tigdas, Biki, Rubella, at Varicella (bulutong-tubig) ay maaaring maging malulubhang sakit:

Tigdas

- Nagiging sanhi ng singaw sa balat, ubo, tumutulong ilong, pangangati ng mata, lagnat.
- Maaaring humantong sa impeksiyon ng tainga, pulmunya, mga atake, pinsala sa utak, at kamatayan.

Biki

- Nagiging sanhi ng lagnat, sakit ng ulo, mga namamagang glandula.
- Maaaring humantong sa pagkabingi, meningitis (impeksiyon ng utak at balot ng gulugod), impeksiyon ng lapay, masakit na pamamaga ng mga testikulo o obaryo, at bihira naman, sa kamatayan.

Rubella (Tigdas na Aleman)

- Nagiging sanhi ng singaw sa balat at banayad na lagnat; at maaaring maging sanhi ng arthritis, (karamihan ay sa mga babae).
- Kung ang isang babae ay magkaroon ng rubella habang siya ay buntis, maaaring makunan o ang kanyang sanggol ay maaaring ipanganak na may malulubhang depekto.

Varicella (Bulutong-tubig)

- Nagiging sanhi ng singaw sa balat, pangangati, lagnat, pagkahapo.
- Maaaring humantong sa matinding impeksiyon ng balat, mga pilat, pulmunya, pinsala sa utak, o kamatayan.
- Maaaring muling lumitaw pagkaraan ng ilang taon bilang isang masakit na singaw sa balat na tinatawag na buni.

Ang mga sakit na ito ay kumakalat mula sa isang tao patungo sa ibang tao sa pamamagitan ng hangin. Ang varicella ay maaari ring kumalat sa pamamagitan ng kontak sa likido mula sa mga paltos ng bulutong-tubig.

Bago nagkaroon ng mga bakuna, ang mga sakit na ito ay laganap sa Estados Unidos.

2

Bakuna laban sa MMRV

Ang bakuna laban sa MMRV ay maaaring ibigay sa mga batang 1 hanggang 12 taon ang edad upang protektahan sila laban sa apat na sakit na ito.

Ang dalawang dosis ng bakuna laban sa MMRV ay inirerekomenda:

- Ang unang dosis kapag **12 hanggang 15 buwan ang edad**
- Ang ikalawang dosis kapag **4 hanggang 6 na taon ang edad**

Ang mga ito ay mga *inirerekomendang* edad. Pero ang mga bata ay maaaring makakuha ng ikalawang dosis hanggang 12 taon kailangan lamang na hindi kukulangin sa 3 buwan pagkatapos ng unang dosis.

Maaari ring makuha ng mga bata ang mga bakunang ito bilang 2 magkahiwalay na iniksiyon: mga bakuna laban sa **MMR** (tigdas, biki at rubella) at **varicella**.

1 Iniksiyon (MMRV) o 2 Iniksiyon (MMR at Varicella)?

- Ang parehong mapipili ay nagbibigay ng magkatulad na proteksiyon.
- Mas kaunti ng isang iniksiyon sa MMRV.
- Ang mga batang tumanggap ng unang dosis bilang MMRV ay nagkaroon ng mas maraming lagnat at mga atake na may kaugnayan sa lagnat (humigit-kumulang na 1 sa 1,250) kaysa mga batang tumanggap ng unang dosis bilang mga magkahiwalay na iniksiyon sa MMR at mga bakuna laban sa varicella sa kaparehong araw (humigit-kumulang na 1 sa 2,500).

Ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay makakapagbigay sa iyo ng karagdagang impormasyon, kabilang ang Mga Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna para sa mga bakuna laban sa MMR at Varicella.

Sinumang 13 o mas matanda na nangangailangan ng proteksiyon laban sa mga sakit na ito ay dapat tumanggap ng mga bakuna laban sa MMR at varicella bilang magkahiwalay na iniksiyon.

Ang bakuna laban sa MMRV ay maaaring ibigay kasabay ng ibang mga bakuna.

3

May mga bata na hindi dapat bigyan ng bakuna laban sa MMRV o dapat maghintay

Ang mga bata ay hindi dapat bigyan ng bakuna laban sa MMRV kung sila ay:

- Nanganib na ang buhay sa reaksiyong alerhiya sa isang naunang dosis ng bakuna laban sa MMRV, o ng alinman sa bakuna laban sa MMR o varicella.
- Nanganib na ang buhay sa reaksiyong alerhiya sa alinmang *sangkap* ng bakuna, kabilang ang gelatin o ang antibayotikong neomycin. Sabihin sa doktor kung ang iyong anak ay may malulubhang alerhiya.
- May HIV/AIDS, o ibang sakit na nakakaapekto sa sistemang panlaban sa sakit.
- Ginagamot ng mga drogang nakakaapekto sa sistemang panlaban sa sakit, kabilang ang matataas na dosis ng mga iniinom na steroid para sa 2 linggo o mas matagal.
- May anumang uri ng kanser.
- Ginagamitan ng radyasyon o mga droga upang gamutin ang kanser.

Magtanong sa inyong doktor kung ang bata ay:

- Nakaranas na ng mga atake, o may magulang, kapatid na lalaki o babae na inatake na.
- May magulang, kapatid na lalaki o babae na nagkaroon ng mga problema sa sistemang panlaban sa sakit.
- Nagkaroon ng mababang bilang ng platelet o sangkap ng dugo na tumutulong sa pamumuo, ibang sakit sa dugo.
- Sinalinan ng dugo kamakailan o tumanggap ng ibang mga produktong dugo.
- Maaaring buntis.

Ang mga batang may katamtaman o malubhang sakit sa araw na nakatakda ang iniksiyon ay karaniwang dapat maghintay hanggang gumaling bago tumanggap ng bakuna laban sa MMRV. Ang mga batang banayad lamang ang sakit ay karaniwang maaaring tumanggap ng bakuna.

Magtanong sa inyong tagapagkaloob ng pangangalaga para sa karagdagang impormasyon.

4 Ano ang mga panganib mula sa bakuna laban sa MMRV?

Ang isang bakuna, tulad ng anumang gamot, ay maaaring maging sanhi ng mabibigat na problema, tulad ng malulubhang reaksiyong alerhiya. Ang panganib na ang bakuna laban sa MMRV ay magiging sanhi ng malubhang pinsala, o kamatayan, ay napakaliit.

Mas ligtas na tumanggap ng bakuna laban sa MMRV kaysa magkaroon ng tigdas, biki, rubella, o bulutong-tubig.

Karamihan ng mga batang tumanggap ng bakuna laban sa MMRV ay hindi nagkaroon ng anumang mga problema rito.

Magagaan na Problema

- Lagnat (humigit-kumulang na 1 bata sa 5).
- Kaunting singaw sa balat (humigit-kumulang na 1 bata sa 20).
- Pamamaga ng mga glandula sa mga pisngi o leeg (bihira).

Kung ang mga problemang ito ay mangyari, ito ay karaniwang sa loob ng 5-12 araw pagkatapos ng unang dosis. Hindi gaanong madalas mangyari ang mga ito pagkatapos ng ikalawang dosis.

Mga Katamtamang Problema

- Atake na sanhi ng lagnat (humigit-kumulang na 1 bata sa 1,250 na tumanggap ng MMRV), karaniwang 5-12 araw pagkatapos ng unang dosis. *Ang mga ito ay nangyayari nang hindi gaanong madalas kapag ang mga bakuna laban sa MMR at varicella ay ibinigay sa iisang pagbisita bilang magkahiwalay na iniksiyon (humigit-kumulang na 1 bata sa 2,500 na tumanggap ng dalawang bakunang ito), at bihira pagkatapos ng ika-2 dosis ng MMRV.*
- Pansamantalang mababang bilang ng platelet, na maaaring maging sanhi ng karamdamang pagdurugo (humigit-kumulang na 1 bata sa 40,000).

Mabibigat na Problema (Bihirang-bihira)

May ilang malulubhang problema na iniulat kasunod ng bakuna laban sa MMR, at maaari ring mangyari pagkatapos ng MMRV. Kabilang dito ang malulubhang reaksiyong alerhiya (mas kaunti sa 4 bawat milyon), at mga problema tulad ng:

- Pagkabingi.
- Mga pangmatagalang atake, kawalang-malay, o mababang kamalayan.
- Permanenteng pinsala sa utak.

Dahil ang mga problemang ito ay bihirang mangyari, hindi namin masisiguro kung ang mga ito ay dulot ng bakuna o hindi.

5 Paano kung may malubhang reaksiyon?

Ano ang dapat kong hanapin?

Anumang di-pangkaraniwang kondisyon, tulad ng mataas na lagnat o mga pagbabago ng asal. Sa mga palatandaan ng malubhang reaksiyong alerhiya ay maaaring kabilang ang paghihirap huminga, pamamaos o paghuni, pamamantal, pamumutla, mabilis na tibok ng puso o pagkahilo.

Ano ang dapat kong gawin?

- **Tumawag** ng doktor, o dalhin kaagad sa doktor ang tao.
- **Sabihin** sa doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at ang oras na nangyari ito, at kailan ibinigay ang bakuna.
- **Sabihin** sa inyong tagapagkaloob ng pangangalaga na iulat ang reaksiyon sa pamamagitan ng paghaharap ng isang form ng Sistema ng Pag-uulat ng Masamang Pangyayari sa Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS). O puwede ninyong iharap ang ulat na ito sa pamamagitan ng website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov, o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Ang VAERS ay hindi nagkaloob ng payong paggamot.

6 Ang Pambansang Programa sa Kabayaran sa Pinsala ng Bakuna

Ang Pambansang Programa sa Kabayaran sa Pinsala sa Bakuna (National Vaccine Injury Compensation Program, VICP) ay nilikha noong 1986.

Ang mga taong naniniwala na sila ay maaaring napinsala ng isang bakuna ay maaaring magharap ng kahilingan sa VICP sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-338-2382** o pagbisita sa kanilang website sa www.hrsa.gov/vaccinecompensation.

7 Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Itanong sa inyong tagapagkaloob ng pangangalaga. Sila ay puwedeng magbigay sa inyo ng paningit na pakete ukol sa bakuna o magmungkahi ng ibang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang inyong lokal na kagawaran ng kalusugan o kagawaran ng kalusugan ng estado.
- Makipag-ugnayan sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
 - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)**
 - Bisitahin ang website ng CDC sa www.cdc.gov/vaccines



DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION

